

## *Nagtatayo ng Ontario para sa Iyo*

Patuloy na namumuhunan ang *Pang-ekonomiyang Pagpapahayag ng Ontario sa Panahon ng Taglagas 2024* sa muling pagtatayo ng ekonomiya ng probinsiya habang pinananatiling mababa ang mga gastos para sa mga manggagawa at mga pamilya.

### Balita

Oktubre 30, 2024

TORONTO — Ngayon, inilabas ng Ministro ng Pananalapi na si Peter Bethlenfalvy ang *2024 na Pang-ekonomiyang Pananaw at Pagsusuri sa Pananalapi ng Ontario: Nagtatayo ng Ontario para sa Iyo*. Ang pamahalaan ay patuloy na nagsasagawa ng responsableng pamamaraan patungo sa pagtatayo ng lubos na mahahalagang imprastraktura na kinakailangan ng ating mga lumalagong komunidad, binabawasan ang trapiko, at ginagawang mas abot-kaya ang buhay sa pamamagitan ng pananatiling mababa ang mga buwis at pagbabalik ng mas maraming pera sa inyong bulsa.

“Ang responsableng pamamaraan ng ating pamahalaan ay nagresulta sa mas mabuting kalagayan sa pananalapi simula noong *2024 na Budget*, binibigyan tayo ng kakayahang mapanatiling mababa ang mga buwis, mamuhunan sa mga imprastraktura na tulad ng mga kalsada, highway, ospital at paaralan, at makapagbigay ng kaagad-agad na kaluwagan sa mga pamilya ng Ontario bilang bahagi ng ating plano na panatilihin mababa ang mga gastos,” sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Patuloy tayong responsableng mamumuhunan upang masuportahan ang paglago ng Ontario at muling mabuo ang ekonomiya ng Ontario upang magresulta sa ating probinsiya bilang isang pinakamagandang lugar na tinitirahan, pagtrabahuan at magpalaki ng pamilya, habang binabawasan ang kahirapan ng utang para sa mga panghinaharap na henerasyon.”

Binawasan ng plano ng pamahalaan ang kakulangan at nananatili sa landas na mai-balanse ang budget sa pagsapit ng 2026–27, kahit na mayroong mga hindi siguradong pandaigdigang mga kundisyon sa ekonomiya at iba pang mga kahirapang wala sa kontrol ng pamahalaan. Kung ikukumpara sa *2024 na Budget*, ang Ontario ay tinataya ding makaranas ng kapwa mas malakas na paglago sa tunay na GDP at sa karamihan ng mga nagtatrabaho sa 2024.

Kabilang sa mahahalagang bahagi ng kung papaano pinananatiling mababa ng pamahalaan ang gastos sa *Pang-ekonomiyang Pagpapahayag sa Panahon ng Taglagas 2024* ang:

- Pagbibigay ng isang \$200 na pagsasauli ng pera sa nagbabayad ng buwis sa maagang bahagi ng susunod na taon, na siyang magbibigay ng kaagad-agad na kaluwagan sa mga pamilya ng Ontario na dumaranas ng matataas na antas ng interes at ng pederal na buwis sa carbon. Ang iminumungkahing \$200 na pagsasauli na ito ng pera sa nagbabayad ng buwis ay ipapadala sa lahat ng kuwalipikadong mga nasa hustong gulang sa Ontario na nag-file ng kanilang 2023 na Buwis ng Kita at Pagbabalik ng Benepisyo sa pagsapit ng Disyembre 31, 2024. Ang mga kuwalipikadong pamilya ay tatanggap ng karagdagang \$200 para sa bawat batang mas mababa pa sa edad na 18.
- Pagmungkahi na palawigin ang pansamantalang mga pagbawas sa buwis sa gas at mga antas ng buwis sa gasolina upang ang antas ng buwis sa gasolina at fuel (diesel) ay manatili sa 9 na sentimo kada litro hanggang Hunyo 30, 2025. Magresulta ito sa karaniwang pagtitipid ng mga sambahayan sa Ontario ng \$380 sa buong haba ng tatlong taong simula Hulyo 2022. Ang kaluwagang ito ay lubos na mahalaga dahil ang pederal na buwis sa carbon ay nakahandang tumaas na naman sa Abril 1, 2025.
- Simula sa 2026, ang pamahalaan ay namumuhunan ng tinatayang \$88 milyon sa tatlong taon upang mapalago ang Matuto at Manatili na mga gawad (Learn and Stay grants) para sa 1,360 kuwalipikadong undergraduate na mga mag-aaral na nagpaplanong sumulong sa propesyon ng pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga pamilya na may kumpletong grupo ng mga pasyente na mga ginagamot oras na sila ay gumraduate. Kabilang dito ang \$17.7 milyon para sa 2026–27 na pang-akademikong taon. Tinataya na ang kabuuang pamumuhunan ay magresulta sa pagkakaroon ng kaugnayan ng karagdagang 1.36 na milyong tao sa pangunahing pangangalaga batay sa karaniwang antas ng pagkakaugnay sa mga doktor sa pamilya. Sasakupin ng pagpopondong ito ang lahat ng matrikula at iba pang direktang mga pang-edukasyong gastos na tulad ng mga aklat, supply at kagamitan para sa isang termino ng serbisyo bilang isang doktor sa alinmang komunidad sa Ontario.

- Pagpapalago ng kakayahang makakuha para sa mga pamilyang naghahanap ng paggagamot upang magkaanak. Simula sa 2025–26, mamumuhunan nag pamahalaan ng karagdagang \$150 milyon sa buong haba ng dalawang taon upang mapalawak ang Programa ng Ontario para Magkaanak (Ontario Fertility Program – OFP). Ang pagpopondong ito ay nagreresulta sa halos triple ng dami ng mga indibidwal na maaaring tumanggap ng in vitro fertilization (IVF) na siklong pinopondohan ng pamahalaan, na nagreresulta sa mas mataas na kapasidad ng mga klinikang kaugnay sa paggagamot upang magkaanak at binabawasan ang tagal ng paghihintay sa mga ospital at komunidad na kinalalagyan. Sa 2025, isasakatuparan ng pamahalaan ng karagdagang suporta sa mga pamilyang naghahanap ng paggagamot upang magkaanak sa pamamagitan ng isang bagong kredito sa buwis, na siyang magbibigay ng suporta nang hanggang sa 25 porsiyento ng kuwalipikadong mga gastos sa paggagamot para magkaanak para sa mga naninirahan sa Ontario, nang hanggang sa hindi hihigit sa \$5,000 kada taon, na kung saan maaaring kabilang ang IVF na mga siklo, mga gamot para makatulong na magkaanak, pagbibiyahe para sa paggagamot at diyagnostikong pagsusuri. Nagtatabi ang pamahalaan ng \$115 milyon para sa inisyatibang ito sa buong haba ng tatlong taon.
- Ang pagpapalago ng Pang-munisipiyong Pondo ng Pakikipagsosyo ng Ontario (Ontario Municipal Partnership Fund – OMPF) — ang pangunahing pangkalahatang gawad na tulong ng probinsiya para sa mga munisipyo — nang \$100 milyon sa buong haba ng susunod na dalawang taon, na nagreresulta sa kabuuang pagpopondo sa pamamagitan ng programang ito bilang \$600 milyon sa pagsapit ng 2026. Sa 2025, ang mga munisipalidad ay makikinabang mula sa kaagad-agad na \$50 milyong pagtaas sa OMPF.

“Ipinatutupad natin ang ating plano ng muling pagtatayo ng ekonomiya ng Ontario, na nagreresulta sa pagkakaroon ng mas mabuting mga trabaho at mas malaking sahod para sa mga manggagawa ng Ontario, habang pinananatiling mababa ang gastos para sa mga pamilya at negosyo,” sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Sinusuportahan natin ang mga manggagawa, pamilya at munisipalidad, namumuhunan sa kanilang tagumpay upang makagawa ng mas malakas na mga komunidad at mas mabuting mga oportunidad para sa mga darating na taon.”

### ***Mga Katotohanan***

- Tinataya na ngayon ng pamahalaan na magkakaroon ng kakulangan na \$6.6 na bilyon sa 2024–25 — isang pagpapabuti ng \$3.2 bilyon mula sa pananaw na inilathala sa *2024 na Budget*. Inilalarawan nito ang pinakabagong impormasyon sa ekonomiya at kita at ang mas mataas na mga probisyon upang mabawasan ang mga panganib sa pangmalapitang panahon.

- Sa buong haba ng pangkalagitnaang haba ng panahon, tinataya ng pamahalaan na magkakaroon ng kakulangan na \$1.5 bilyon sa 2025–26, na susundan ng kalabisan na \$0.9 na bilyon sa 2026–27.
- Ang netong utang kung ikukumpara sa ratio ng GDP ng Ontario para sa 2024–25 ay tinatayang magiging 37.8 porsiyento. Sa pangkalagitnaang haba ng panahon, ang netong utang kung ikukumpara sa ratio ng GDP ng Ontario ay tinatayang magiging 37.9 na porsiyento sa 2025–26, at 37.5 porsiyento sa 2026–27.
- Kabilang sa makasaysayang pamumuhunan sa imprastraktura ng Ontario ang mahigit sa \$191 bilyon sa buong haba ng susunod na dekada upang makapagtayo at mapabuti ang pagbibiyahe, mga highway, mga imprastrakturang nagbibigay-kakayahan para magkaroon ng pabahay, mga ospital, paaralan, pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga at iba pang lubos na mahahalagang pampublikong imprastraktura.
- Sa Nobyembre 14, 2024, maglulunsad ang pamahalaan ng konsultasyon upang matulungang maipaalam ang *2025 na Budget* at makarinig mula sa mga taga-Ontario tungkol sa mga pinakamahalagang at dapat na tugunang mga kahirapan sa kasalukuyan, tulad ng pagiging mas abot-kaya ang buhay, ang paggawa ng mas maraming mga bahay at paaralan, at pagkakaroon ng mabuting trabaho para sa mga manggagawa ng Ontario.

## Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

[Basahin ang 2024 na Pang-ekonomiyang Pananaw at Paqsusuri sa Pananalapi ng Ontario — Naqtatayo ng Ontario para sa Iyo](#)

[Basahin ang mahahalagang bahagi ng Naqtatayo ng Ontario para sa Iyo](#)

[Basahin ang Backgrounder: Buod ng Ekonomiya at Pananalapi](#)

[Basahin ang 2024 na Budget: Naqtatayo ng Mas Mabuting Ontario](#)

## Mga Makakausap ng Media

Colin Blachar  
Opisina ng Ministro  
416-325-0400

[Colin.Blachar@ontario.ca](mailto:Colin.Blachar@ontario.ca)

Scott Blodgett  
Sangay ng Komunikasyon

[Ontario.ca/finance-news](https://ontario.ca/finance-news)

Disponible en français

416-728-9791

[Scott.Blodgett@ontario.ca](mailto:Scott.Blodgett@ontario.ca)